

Taon XXXV Blg. 24 Disyembre 21, 2004 www.philippinerevolution.org

Deklarasyon ng tigil-putukan

Komite Sentral Partido Komunista na Pilipinas

agdedeklara ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ng unilateral na tigil-putukan ngayong panahon ng Kapaskuhan.

Ang epektibidad ng deklarasyong ito ay mula 12:00 ng hatinggabi ng Disyembre 23, 2004 hanggang 12:00 ng hatinggabi ng Enero 2, 2005.

Ang deklarasyong ito ay isinasagawa bilang pakikiisa sa sambayanang Pilipino sa tradisyunal na pagdiriwang ng Pasko at Bagong Taon, at upang bigyangdaan ang selebrasyon ng mamamayan at mga rebolusyonaryong pwersa sa ika-36 na anibersaryo ng Parti-


do Komunista ng Pilipinas.

Lahat ng yunit ng BHB ay mananatiling armado at alerto at handang lumaban at bumigo sa anumang pag-atake at panliligalig ng mga regular at paramilitar na pwersa ng AFP at PNP.

Inilalabas ng PKP ang deklarasyon sa kabila ng patuloy na mga paglabag ng rehimeng Arroyo sa mga nakaraang kasunduan. Kabilang dito ang mga pinakahuling kasunduan sa

Oslo, Norway na nagresulta sa suspensyon ng usapang pangkapayapaan. Tinalikuran ng GRP ang komitment nito na gumawa ng kongkretong pagsisikap para tutulan at ituwid ang malisyosong pagsasama sa PKP, BHB at sa Chief Political Consultant ng NDF Peace Panel na si Kasamang Jose Ma. Sison sa listahan ng US ng diumanong mga terorista. Tuluy-tuloy din ang paglabag ng GRP at mga armadong pwersa nito sa mga probisyon ng CARHRIHL at karapatang-tao ng mamamayan.

Inilalabas ng PKP ang deklarasyon kasabay ng pagkundena sa sunud-sunod na malulupit na pag-atake ng mga pasistang pwersa ng reaksyunaryong estado sa di-armadong mamamayang mapayapang nagpuprotesta o naggigiit ng kanilang mga demokratikong karapatan. Pangunahin dito ang pagmasaker sa mga welgista ng Hacienda Luisita. Nitong nakaraan, pinaslang ng militar si Marcelino Beltran, tagapangulo ng Alyansa ng Magbubukid sa Tarlak (AMT) at isa sa mga tuluy-tuloy na lumahok sa welga sa Hacienda Luisita at testigo sa masaker laban sa mga salaring upisyal at



Mga tampok sa isyung ito...

Editoryal: Labanan ang pananalanta sa kagubatan PAHINA 3

Trahedya sa Aurora
PAHINA 7

Sunud-sunod na TO sa Central Luzon
PAHINA 10 tauhan ng AFP at PNP at mga upisyal ng Hacienda Luisita. Noon mismong Pandaigdigang Araw ng Karapatang-tao, pinagbababaril ng militar ang isang rali sa Daet, Camarines Sur na nagpoprotesta sa lumalalang paglabag sa karapatang-tao. Ang mga pasistang kalupitang ito av nagbibigav-diin sa mahiqpit na pangangailangan ng matataq at mas malakas pang pagtutol at paglaban ng sambayanan.

Inilalabas and deklarasyong ito kasabay ng pananawagan ng PKP sa mamamayan na paigtingin ang kanilang mga paglaban sa harap ng pananalasa ng krisis sa kabuhayan bunga ng bulok at atrasadong naghaharing sistemang panlipunan at walang habas na panghuhuthot ng lokal at dayuhang malalaking kapitalista, malalaking panginoong maylupa at malalaking burukrata. Tuluy-tuloy na tumataas ang presyo ng mga produktong petrolyo at mga saligang pangangailangan, habang pinipigilan naman ang pagtaas ng sahod ng mga manggagawa. Nagpapataw ang rehimeng Arroyo ng mga karagdagang pabigat na buwis habang papalala ang korapsyon ng matataas na upisyal ng burukrasya at militar.

Doble-karang pakana

 ${f I}$ sang mapanlinlang na pakana ang idineklarang unilateral na tigilputukan ng rehimeng Arroyo. Wala itong intensyong itigil ang tuluy-tuloy na opensibang militar laban sa mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa iba't ibang larangang gerilya sa bansa. Ikinukubli lamang ng AFP at PNP ang kanilang kontra-rebolusyonaryong mga operasyong militar sa mga "operasyong pampulisya".

Katunayan, nitong Disyembre 20 ay sinalakay ng Charlie Coy ng 11th IB ang isang yunit ng BHB sa Hacienda Emma, Barangay Camang-Camang, Isabela, Negros Occidental. Dalawang Pulang mandirigma ang nasawi. Sa panig ng militar, isa ang napatay at anim ang nasugatan.

Noong araw ding iyon, nag-operasyon ang 17th IB sa apat na baryo ng Baggao, Cagayan. Noong Disyembre 16 naman, nagkaroon ng engkwentro ang mga elemento ng 5th Scout Rangers Regiment at mga gerilya ng BHB sa Agusan del Sur. Kasalukuyang may operasyong militar din ang 16th IB sa Sta. Cruz, Mindoro Occidental at Agusan del Sur.

Ang mga ito ay ilan lamang sa mga operasyong militar na kasalukuyang inilulunsad ng AFP sa iba't ibang bahagi ng bansa. Mula Disyembre 16 hanggang Enero 5 ng susunod na taon ang idineklarang tigil-putukan ng rehimeng Arroyo.

1

Inilalabas ang deklarasyon kasabay ng pagtuligsa ng PKP sa pagdadalawang-mukha ng rehimeng Arroyo sa paqdedeklara ng tiqil-putukan ngayong kapaskuhan habang tuluy-tuloy ang mga kampanya at operasyong militar ng AFP at PNP laban sa mga larangang gerilya ng BHB sa iba't ibang dako ng kapuluan. Kadalasan, sa maraming lugar, sa panahon mismo ng "ceasefire" ng AFP at PNP ay lalo nilang pinatitindi ang mga pagsalakay sa ngalan ng "operasyong pampulisya." Kaya lalong kailangang pahigpitin ng lahat ng yunit ng BHB ang pagmamatyag at humanda silang matatag na biguin ang anumang patraydor na pagsalakay na maaaring gawin ng AFP at PNP.

Sa okasyong ito, binibigyan namin ng partikular na pansin ang mga mamamayan sa kahabaan ng Sierra Madre mula sa Bicol hanggang sa Southern Tagalog, Central Luzon at Northern Luzon na labis na sinalanta ng kalamidad dulot ng malawakang pangwawasak ng kaqubatan na kagagawan pangunahin ng malalaking komersyal na magtotroso at eksporter ng troso kakutsaba ang mga imperyalista at malalaking burukrata kapitalista. Alinsunod sa utos ng PKP, isinasagawa ng BHB ang lahat ng makakayang tulong sa mga nasalanta.



Taon XXXV Blg. 24 Disyembre 7, 2004

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matataqpuan sa:

www.philippinerevolution.org Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Deklarasyon ng tigil-putukan

2 Doble-karang pakana **Editoryal** Labanan ang pananalanta sa kagubatan at kapaligiran 3 4 Ang DENR at ang pagtotroso Kasaysayan ng pagwasak sa kagubatan 4 Mga pakikibaka laban sa pagtotroso 5 Kilusan laban sa pagtotroso 6 Trahedya sa Aurora 7 Laban sa pagtotroso sa Aurora 8 Mining Act of 1995 Matatagumpay na TO Sunud-sunod na opensiba sa CL 10 **Balita** 11

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Labanan ang walang habas na pananalanta sa kagubatan at kapaligiran

igit na nakararami sa mga biktima ng mga biglaang pagbaha at pagguho ng lupa kamakailan ay hindi naaabot ng ayuda ng rehimeng Arroyo. Kakarampot lamang sa daan-daang libong biktima ang naambunan ng kaunting damit, noodles at delata. Gayon na lamang kung ibando ng rehimen ang relief operations nito, ngunit sa katunaya'y barya-barya lamang ang inilalaan nito para sa rehabilitasyon ng mga nasalanta. Pinasasahol pa ito ng iresponsibilidad at pagbabangayan ng mga burukrata ng reaksyunaryong gubyerno.

Ngunit higit sa kabiguan nitong tumugon sa mga pangangailangan ng mga biktima ng kalamidad, ang mas malaking krimen ng rehimeng Arroyo ay ang patuloy nitong pagtataguyod sa walang habas na pananalasa ng mga dambuhalang kumpanya ng troso at pagminang pag-aari ng malalaking burges kumprador, burukrata at dayuhang kapitalista.

Upang pahupain ang masidhing galit ng publiko sa malawakang pagkalbo sa kagubatan, iniutos ni Arroyo noong Disyembre 4 ang suspensyon ng lahat ng pagtotroso. Subalit binawi niya rin ito makalipas ang tatlong araw sa pamamagitan ng isang "kautusang nagpapahintulot sa mga pribadong plantasyon na patuloy na makapagputol ng troso."

Hinirang niya si Gen. Victor Corpus, dating hepe ng Intelligence Service of the AFP, bilang pinuno isang ahensyang mangangasiwa sa reforestation, bukod sa iba pang tungkulin.

Ngunit ang pagtatalaga kay Corpus ay mas nakatuon sa "counterinsurgency" kaysa pangangalaga sa kaqubatan. Noong maagang bahagi ng dekada 1990, inilunsad ni Corpus and Task Force Greening Panay na nagsilbi lamang sa mga kontrarebolusyonaryong operasyong militar at pangangamkam ng lupa.

Walang intensyon ang reaksyunaryong rehimeng Arroyo na seryosong harapin ang pinakamalalaking

dahilan ng malawa-

ubos ng kagubatan at pagkasira ng kalikasan: ang walang pakundangan at malakihang pagtotroso at pagmimina. Bagkus, buong-sigasig pa nga nitong sinusuportahan ang industriya ng troso at pagmimina sa pamamagitan ng pag-akit sa mga dayuhang kapitalista at malalaking burges na mamumuhunan sa pamamagitan ng liberalisasyon sa operasyon, pagmamay-ari at negosyo ng mga kumpanya ng troso at pagmimina.

Pinahihintulutan ng rehimeng Arroyo ang mga mandarambong na ito na buong-layang gahasain ang kapaligiran ng Pilipinas.

Dagdag dito, itinotodo ng rehimeng Arroyo ang implementasyon ng 1995 Philippine Mining Act.

Ineengganyo ng Mining Act ang ibayo pang pagkaubos ng kaqubatan sa pagbibigay-pahintulot sa malalaking kumpanya na maghawan ng malalawak na kagubatan para sa konstruksyon ng mga kalsada at tunnel at iba pa nilang pangangailangan. Ang mga ito'y hindi obligadong sumailalim sa ebalwasyon sa pinsalang maaaring idulot ng kanilang operasyon sa kalikasan. Pinahihintulutan ang mga dayuhan na magmay-ari ng 100% ng mga kumpanya sa pagmimina at



at mga lokal nilang kasabwat ang pagkaubos ng ating kagubatan, pagkasira ng kalikasan, at ang kapahamakan ng ating mamamayan. Ang tangi nilang iniintindi ay kung paano makatatangay ng supertubo mula sa likas na kayamanan ng bansa. Mula 1972 hanggang 1988, tinatayang kumita ng \$42.85-52 bilyon ang mga konsesyon sa pagtotroso.

Ginagamit nila ang burukrasya at ang militar sa aktibong pagsusulong ng kanilang interes. Nakikipagkutsaba ang malalaking kumprador-kapitalista, burukrata kapitalista, sindikato sa ismagling at matataas na upisyal militar sa mga imperyalistang Amerikano at Hapo-

Ang DENR at ang pagtotroso

Sangkot sa pagtotroso ang mga dating kalihim ng DENR. Pag-aari at pinatatakbo ni Heherson Alvarez ang FCA Timber sa Nueva Vizcaya. Si Antonio Cerilles ay nagpapatakbo ng sariling kumpanya ng troso na may mga konsesyon sa mga sinaunang kagubatan sa Mindanao. Pinatakbo naman ni Fulgencio Factoran Jr., kalihim ng DENR sa ilalim ng rehimeng Aquino, kasama ang pinsan ni Aquino na si Ding Tanjuatco, ang Naredco na kumokontrol ng mga kumpanya ng troso tulad ng Acme Inc. at Taggat industries sa rehiyon ng Cagayan Valley.

nes sa walang habas na pagkalbo sa kagubatan. Ginagawa nila ito sa basbas ng gubyerno at nang walang anumang malasakit sa pambansang patrimonya ng sambayanang Pilipino. Nakapagbubulsa ng limpak-limpak ang mga burukrata kapitalista sa pagtanggap ng suhol mula sa malalaking kumpanya ng troso. Tuwiran naman silang kumikita sa operasyon ng kani-kanyang sariling kumpanya sa pagtotroso. Malaking bahagi ng kayamanan ng mga pulitiko at warlord ay nagmumula sa pagtotroso.

Ang pinakamatataas na upisyal ng AFP at PNP, gayundin ang mga taga-Malacañang, ay kumakamal sa pagtotroso, bukod pa sa pagtutulak ng bawal na gamot, iligal na pasugal at iba pang krimen.

Ginagamit din ang militar at pulisya para hawanin ang daan para sa operasyon ng mga kumpanya ng troso at pagmimina. Niyuyurakan nila ang mga pampulitika, pang-ekonomya at pangkulturang karapatan ng mamamayan upang supilin ang paglaban.

Madalas, kasabwat ang mga upisyal ng DENR, kunwa'y kinukumpiska ng militar at pulisya ang mga iligal na troso para bigyan ito ng ligal na prente habang ibinabyahe patungo sa mga bibili nito.

Ang lumulubhang krisis pangkapaligiran ay bahagi ng lumalalim na palagiang krisis ng naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal. Ang pangunahing hinahagupit ng krisis na ito ay ang masang magsasaka, mangingisda at mga pambansang minorya sa kanayunan.

Ang kasaysayan ng pagwasak sa kagubatan ng Pilipinas

Ang malawakang pagkalbo sa kagubatan at pagsira sa kapaligiran ay malaon nang problema. Ang pagkakalbo ng Sierra Madre at iba pang kabundukan sa Pilipinas, gayundin ang pagkawasak ng mga ilog at yamang tubig ay resulta ng laganap na pagtotroso at pagmimina noon pa mang simula ng imperyalistang pandarambong at paggahasa ng US sa ating bansa.

Sa loob ng ika-20 siglo, naglaho ang 90% ng kagubatan ng Pilipinas. Mahigit 13.2 milyong ektaryang kagubatan ang nawala bunga ng pandarambong sa nakaraang 50 taon ng papet na republika. Pinakamabilis ang pagkakalbo ng kagubatan mula 1945 hanggang katapusan ng dekada 1980.

Mula dekada 1950 hanggang dekada 1980, ang pagluluwas ng troso ay napabilang sa pinakamalalakas pagkakitaan ng dolyar at pinakamalaki ring pinagmumulan ng nakaw na yaman para sa Malacañang at mga upisyal ng mga ahensyang pangkapaligiran. Noong 1975, ang mga kumpanya ng trosong protektado ng diktadurang Marcos ay nakapagluwal ng 15.5 milyong metro kubiko ng troso, ang pinakamalaking taunang produksyon higit kailanman. Mula 1972 hanggang 1988, aabot sa 8.57 milyong ektarya ng gubat at 3.8 milyong ektarya ng *virgin forest* ang nawasak.

Pagsapit ng katapusan ng dekada 1980, bumagal ang pagkakalbo ng kagubatan, sa simpleng dahilang kaunting-kaunti na lamang ang natitira sa ating kagubatan. Ang kabuuang kagubatan noon ay humigit-kumulang isang milyong ektarya na lamang. Pagdating ng 1999, nasa 800,000 ektarya na lamang ang nalalabing sinaunang kagubatan (primary forest), at dalawang katlo nito ay sira na. Nagbunsod ito ng malawakang panawagang ipagbawal ang pagtotroso at maglunsad ng mga hakbangin sa reforestation.

Ang pagkasira ng kapaligiran at likas na kayamanan ng Pilipinas ay lulubha pa habang lumalala ang krisis ng naghaharing sistema. Patuloy na pumapalya ang lokal na produksyong industriyal at agrikultural habang patuloy na umaasa ang reaksyunaryong estado sa dayuhang pamumuhunan para pasikarin ang produksyon. Malawakang nasisira ang mga lokal na produktibong pwersa habang hinahambalos ng krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista ang lokal na ekonomya.

Muling tumatampok ang pagkaatrasado ng malakolonyal at malapyudal na ekonomya habang malawakang winawasak ng mga lokal na nagsasamantalang uri ang mga nalalabing prontera ng pambansang patrimonya ng Pilipinas. Ang desperasyong ito ay humahantong sa todo-todong liberalisasyon ng mga patakaran kaugnay ng operasyon ng mga kumpanya ng troso at pagmimina at ng tahasang pandarambong sa kaunting nalalabing yamang gubat at mineral.

Sa harap ng mga patakaran ng rehimeng Arroyo para pag-ibayuhin ang pagtotroso at pagmimina at ng ganap na kawalang-malasakit nito sa kapaligiran, muling ipinapahayag ng Partido Komunista ng Pilipinas at ng buong rebolusyonaryong kilusan ang kanilang paninindigang labanan ang pandarambong sa pambansang patrimonya ng sambayanang Pilipino.

Ang pinakamahalagang elemento ng pakikibakang ito ay ang kolektibong pakikibaka ng mamamayan at ang kanilang mapagpasyang pagtutol sa pagtotroso at pagmiminang nagsasapanganib sa kanilang kapaligiran, kabuhayan at buhay.

Pagsisikapan ng PKP at mga rebolusyonaryong pwersa na itaas ang pag-unawa ng mamamayan sa kasaysayan ng pandarambong at paggahasa ng malalaking kumpanyang dayuhan at malalaking lokal na kumprador sa kagubatan ng Pilipinas, gayundin sa pananagutan ng rehimeng Arroyo sa pagpapatuloy ng sistematikong pananalasa sa kapaligiran. Pag-iibayuhin ng PKP ang pagsisikap na organisahin ang mamamayan at tulungan sila sa paglaban sa hungkag na reforestation program ng reaksyunaryong rehimen gayundin sa panibagong kampanya para pabweluhin ang pagmimina.

Saan man kakayanin, hahadlangan ng BHB ang pagpasok ng mga kumpanya ng troso o di kaya'y mahigpit silang pasusunurin sa mga batas ng rebolusyonaryong gubyernong bayan upang masiguro ang



interes ng masa sa lokalidad at ang makatwirang paggamit sa mga yamang gubat. Kagaya ng dati, sisikapin nitong parusahan ang sinumang yuyurak sa interes ng mamamayan, sisira sa kapaligiran at lalabag sa mga batas ng demokratikong gubyernong bayan.

Mga pakikibaka laban sa pagtotroso

S a simula pa lamang ng malawakang pagtotoroso, puspusan na itong nilalabanan ng mamamayan, laluna, ng mga minorya. Noong 1971, buong-giting na nilabanan ng mamamayang Higaonon sa Agusan del Norte ang NALCO (Nasipit Lumber Corporation) at ang mga bayarang maton at sundalo nito. Sa pamamagitan ng militanteng pakikibaka, pansamantala nilang napigil ang paglawak ng operasyon ng NALCO. Nagtuluy-tuloy ang kanilang pakikibaka hanggang dekada 1980 sa pagtataguyod ng pambansa-demokratikong kilusan.

Maigting ang pakikibaka ng mga Tinggian laban sa Cellophil Resources, Inc., isang kumpanya sa paggawa ng papel na pag-aari ni Hermino Disini, kroni ni Marcos. Binarikadahan nila ang kanilang mga komunidad sa Abra upang hadlangan ang pagpasok ng Cellophil.

Sa kolektibong pagsisikap ng mamamayang Subanen, napalayas ang Boise Cascade Inc. mula sa kagubatan ng Zamboanga Peninsula noong 1988. Mula pa noong 1994, nilalabanan na nila ang Toronto Ventures Inc. at Tropical Explorations Philippines Inc, mga Canadian na kumpanya ng pagmimina at ang mga pwersang militar at paramilitar na nagsisilbing pwersang panseguridad ng mga ito.

Noong 1994, nagdeklara ng *pangayaw* o *tribal war* ang mga mandirigmang Ata-Manobo ng Talaingod, Davao del Norte, laban sa pangangamkam ng Alsons Inc. sa kanilang lupain. Patuloy nilang tinututulan ang operasyon ng Alsons sa kabila ng paggamit nito ng pwersang militar.

Noong taon ding iyon, naglunsad ng mga kilos-protesta ang mamamayang B'laan upang igiit ang pagpapatigil sa operasyon ng Western Mining Corporation sa ilang bayan sa North at South Cotabato at sa Davao del Sur. Nagdeklara rin sila ng *pangayaw* laban sa 74th IB. Makailang beses silang nagkasagupa.

Ang rebolusyonaryong kilusan laban sa pagtotroso

pang pagtakpan ang pananagutan nito sa patuloy na pagtataguyod ng malawakang pamumutol at pag-eeksport ng troso, isinisisi ng rehimeng Arroyo sa BHB at sa rebolusyonaryong kilusan ang pagkakalbo ng kabundukang Sierra Madre at ang dala nitong pinsala sa buhay at kabuhayan pagkatapos ng nagdaang mga bagyo. Upang siraan ang BHB, napipilitang bumaling sa tahasang kasinungalingan ang rehimeng Arroyo. Umiiwas ito sa pananagutan sa pagkamatay ng libong mamamayan at pagkawala ng kabuhayan ng daan-daang libo pa.

Sa abot na makakaya, nagsisikap ang BHB, kaisa ang masang anakpawis, na pigilin ang walang pakundangang pagwasak sa kapaligiran sa pamamagitan ng paghadlang o paglaban sa mga operasyon ng mga kumpanya ng troso at pagmimina at pagpaparusa sa mga pwersang militar na nagsisilbing pwersang panseguridad ng mga ito.

Sa katunayan, ang BHB, katuwang ang rebolusyonaryong mamamayan, ang pinakamilitante at pinakamatatag sa pakikibaka laban sa malawakang pagwasak sa kapaligiran.

Gumagawa ng mga hakbang ang PKP, BHB at rebolusyonaryong kilusan, upang balaan ang mga nagtotroso nang walang pakundangan, lisensyado man o hindi ng reaksyunaryong estado. Bilang parusa, pinagmumulta ng BHB ang mga kumpanya ng troso na lumalabag sa karapatan ng mamamayan at sa mga patakaran ng rebolusyonaryong gubyerno. Tahasan nitong pinarurusahan ang mga ayaw magwasto.

Noong dekada 1970, nagpaigting ang BHB ng mga taktikal na opensiba sa rehiyong Cordillera bilang suporta sa mga pakikibaka laban sa Cellophil at sa proyektong Chico River Dam.

Noong 1985, inilunsad ng BHB sa Cagayan Valley ang Oplan Lappat, isang kampanya upang ipagtanggol ang kagubatan laban sa pangwawasak ng mga kumpanya ng

troso. Noong 1991, inilunsad ng BHB ang koordinadong kampanya upang parusahan ang mga pusakal na mandarambong ng kagubatan sa pamamagitan ng pagsira sa kaga-

mitang pantroso ng mga ito sa Gattaran, Cagayan at Luna, Kalinga-Apayao.


Noong 1995, nagdeklara ng gera ang NDF-Mindanao laban sa pagtotroso upang bigyandiin ang tungkulin nitong ipagtanggol ang kagubatan. Pinakikilos ang

mga rebolusyonaryong organisasyong masa upang tiyaking mahigpit na tumatalima sa mga patakaran ng rebolusyonaryong kilusan ang mga may konsesyon sa pagtotroso. Kabilang sa mga patakaran na ito ang paglimita sa bilang ng board feet na maaaring putulin, pagbabawal sa pagputol ng mga punong hindi pa magulang at pagtotroso sa mga watershed, lupaing agrikultural at lupang ninuno at pag-oobliga sa mga nagtotroso na magtanim ng kahoy at mag-ambag sa kagalingan ng mamamayan sa lugar. Sa ibang pagkakataon, sinisikap na pahintuin ang mga operasyon ng mga kumpanya ng troso.

Mula pa noong nakaraang dekada, inilunsad na ng mga rebolusyonaryong pwersa sa Southern Tagalog ang kampanya upang hikayatin ang maliliit na nagtotroso na bumalik sa pagsasaka at pag-ibayuhin ang pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa. Kinikilala nito ang katotohanang ang maliliit na magtotroso na tinaguriang mga "carabao logger" ay mga magsasakang napilitan lamang magtroso para ibenta sa malalaking kumpanya ng troso matapos silang mapalayas sa kanilang lupain dulot ng malawakang pagpapalit-gamit at pangangamkam ng lupa noong maagang bahaqi ng dekada 1990.

Noong Disyembre 2003, sinalakay ng isang yunit ng BHB ang kampo ng Pacific Export Timber

Corporation (PA-TECO) sa Dinapigue, Isabela. Sinunog nila ang ilang buldoser at 20 trak na kargado ng troso. Nakasagupa nila roon ang mga pwersa ng 5th ID na naggugwardya noon sa mga trak na may lulang kahoy. Noong Setyembre 2000, na-



pahinto ng mga Pulang mandirigma ang Liberty Logging Corp. sa Jones, Isabela sa pamamagitan ng pagsunog sa lahat ng kagamitan ng kumpanya.

Sa pamamagitan ng demokratikong mga paraan, aktibong itinataguyod at isinusulong ng Partido, hukbong bayan at mga rebolusyonaryong organisasyong masa ang agrikultura upang makabawi at magkamit ng mas malalaki pang pakinabang ang maliliit na magtotrosong naninirahan sa kagubatan na naapektuhan ng pagbabawal sa pagtotroso. Kasabay nito, tinuturuan ng Partido at mga rebolusvonaryong organisasyon ang mga kainginero ng tamang mga paraan ng pagsasaka upang mapangalagaan ang kagubatan.



Trahedya sa Aurora

at Disyembre ang prubinsya ng Aurora. Apat sa walong munisipalidad ng lalawigan ang lubhang nasalanta, at halos mabura sa mapa ang 11 barangay sa baybayin ng magkanugnog na mga bayan ng San Luis at Dingalan. Daan-daan ang nasawi at ilampung libo ang nawalan ng kabuhayan sa mga pagguho ng lupa at biglaang pagbaha sanhi ng apat na sunud-sunod na bagyo.

Naging matingkad na tanawin laluna sa mga baybayin ng Dingalan ang libu-libong trosong inanod nang humugos ang rumaragasang tubiq mula sa kabundukan. Hindi ito nakapagtataka na dahil 247,772 ektarya o 82.6% ng buong prubinsya ay nasasaklaw ng mga konsesyon ng 10 kumpanya ng troso. Pinakamalalaki rito ang Indus-Development Corporation tries (57,069 ektarya sa Calasaq, Casiquran at Dingalan); Inter-Pacific Forest Resources Corp. (50,000 ektarya sa Dilasag); Verdant Agroforest Development Corp. (45,600 ektarya sa Dipaculao, Aurora at Nagtipunan, Quirino); Pacific Timber Export Corp. (33,454 ektarya sa Dilasag, Aurora at Dinapigue, Isabela);

at Green Circle Properties and Resources Corp. (27,852 ektarya sa Dingalan).

Sa loob ng maraming dekada, ang pamilyang Ong, na nagmamayari ng pinakamalaking *logging concession* sa Aurora, ang may kontrol sa reaksyunaryong pulitika sa prubinsya. Kaalyado ng mga Ong ang dinastiyang Dy ng Isabela.

Sa loob din ng maraming dekada, litaw ang mahigpit na ugnayan ng pamilyang Ong sa pasistang militar at kapulisan at ang proteksyon na ibinibigay ng mga ito sa kanilang negosyo. Katabing-katabi lang ng Industries Development Corp. ng mga Ong ang kampo ng Philippine Army at PNP Provincial Mobile Group sa Casiguran, Aurora.

Bukas na lihim din noon na di bababa sa 10% ng kapital ng mga kumpanya ng troso ang isinusuhol sa militar at pulisya ng prubinsya at 15% sa gubernador para tiyak na hindi mapakikialaman ang kanilang operasyon.

Mula noong kalagitnaan ng dekada 1980, sa pamamagitan ng kanyang pusisyon bilang senador, untiunti nang nasapawan ng angkan ni Edgardo Angara ang mga Ong sa pagkontrol sa pulitika at ekonomya ng lalawigan. Si Angara na ngayon ang itinutu-

ring na padrino at tagapagbigayproteksyon sa malalaking kumpanya ng troso sa Aurora. Isa sa pinakamalapit sa kanya si Romeo Roxas, ang may-ari ng Green Circle.

Bunga ng kontrol nito sa mga kumpanya ng troso at iba pang malalaking negosyo sa Aurora, ang angkang Angara na lamang ang naghahalinhinan sa mahahalagang pwesto sa lokal na gubverno. Ang kapatid ni Angara na si Bellaflor Angara-Castillo ang dating kongresista at kasalukuyang gubernador ng Aurora. Ang anak naman ni Angara na si Sonny ang kasalukuyang kongresman ng prubinsya. Hawak ng ilan pa nilang kamag-anak ang mga pwesto sa lokal na gubyerno ng Baler, ang kanilang bayang tinubuan.

Sa Metro Manila, abot-abot ang pagtanggi ni Edgardo Angara nang mabunyag ang naging papel ng kanyang angkan sa pagkamatay ng maraming mamamayan ng Aurora at pagkawasak ng kanilang mga ari-arian at kabuhayan. Subalit sa mismong Aurora, ni hindi makapagtimpi ang kanyang kapatid na

gubernador sa pagtatanggol sa malawakang komersyal na pagtotroso at pagtutol sa total logging ban. Kakoro niya ang Malakanyang at mga upisyal ng DENR sa pagbubunton ng sisi sa maliliit at diumano'y mga iligal na magtotroso kaugnay ng nangyaring sakuna.

Mariing pinabulaanan ni Ka Martin, isang kadre ng Partido sa Aurora, na ang tinataguriang iligal na magtotroso ng qubyerno-ang mga kainginero at maliliit na negosyanteng pumuputol, naghihila, bumibili at nagluluwas ng troso ang dahilan ng malawakang pagguho ng lupa at biglaang pagbaha. "Di hamak na mas maliit," aniya, "ang pinsalang idinudulot ng mga ito. Samantala, sa mismong pagbungkal pa lamang ng lupa para makagawa ng logging road, malalaking tipak na ng kabundukan ang tinitibag at napakarami nang puno ang pinuputol ng mga dambuhalang kumpanya ng logging."

"Kawawa ang maliliit dahil tiyak na sila na naman ang mapag-iinitan ng kampanya ng gubyerno," ani Ka Martin. "Sa kanilang punto de bista, ang iligal ay yung walang kakayahang maglagay at makipagareglo."

"Pero kung tutuusin," aniya, "walang totoong ligal. Mismong ang mga kumpanyang may pahintulot na magtroso ay sistematikong lumalabag sa batas at patakaran ng reaksyunaryong gubyerno na ginawa umano para sa kapakanan ng mamamayan at kapaligiran." Inihalimbawa niya ang limitasyon na ipinapataw ng DENR sa bolyum ng troso na pwedeng putulin. "Nire-recycle lang ito," aniya. "Kahit matagal nang naabot ng logger ang kanyang kota, patuloy pa rin siyang binibigyang-permiso para mag-logging."

Pinabulaanan din niya na may signipikanteng *reforestation* na nagaganap. Kung mayroon man ay sa mga lugar na malalapit sa haywey

Kilusang masa laban sa pagtotroso sa Aurora

Noong 1995, lubusang ipinagbawal ng rebolusyonaryong kilusan sa Aurora ang lahat ng komersyal na pagtotroso at maging ang pag-eeksport ng mga troso. Ginawa ito dahil sa buong Central Luzon, ang Aurora na lamang ang may makapal-kapal pang kagubatan. Ang tanging pinahintulutan ay ang pagpuputol ng kahoy na gagamitin para sa paggawa ng bahay, mwebles, mga paaralan at iba pang pangangailangan ng komunidad. Napatigil din noong 1995 sa pamamagitan ng mga pagkilos ng masa ang operasyon ng Kasibu Company, isang kumpanya ng troso na nagkaroon din ng konsesyon sa Isabela at Nueva Vizcaya. Itinigil na rin mula noon ang paniningil ng rebolusyonaryong buwis sa mga kumpanya ng troso.

Subalit matapos ang kalahating taon, napagtantong masyadong "kaliwa" ang patakarang "total logging ban" dahil ang karaniwang tinatamaan nito ay ang maliliit na magtotroso at iba pang mamamayan sa loob ng mga sonang gerilya na umaasa sa pagtotroso para mabuhay. Kadalasan din, hindi magalaw ang malalaking kumpanya ng trosong nag-oopereyt sa labas ng mga sona.

Sa gayon, taliwas ang patakaran sa makauring linya dahil sa aktwal, ang napupuruhan ay hindi yaong mga mapagsamantalang uri kundi mga uring pinagsasamantalahan.

Sa kanilang pagwawasto, binigyang-diin ng mga rebolusyonaryong pwersa ang malawakang kampanyang edukasyon, paghikayat sa masa na bumalik sa pagsasaka at pagpapatupad ng iba't ibang anyo ng kooperasyon sa agrikultura.

Pagkilala ito sa katotohanan na hangga't walang alternatibong ikabubuhay ang mga maralitang napipilitang kumabit sa malalaking kumpanya ng troso, hindi magtatagumpay at hindi magiging makatwiran ang absolutong pagbabawal sa komersyal na pagtotroso.

Dahil hindi pa lubusang mapawi ang pagtotroso, at para maibsan ang pagsasamantala ng malalaking kumpanya ng troso sa maliliit na magkakahoy, inoorganisa ang mamamayan para maipaglaban nila ang mas makatarungang bayad para sa kahoy na ipinagbibili nila sa mga dambuhalang kumpanya ng troso. Gayunpaman, inoobliga ang mga kainginero at maliliit na magkakahoy na magtanim ng mga durableng kahoy, mga punong namumunga at niyog para mapalitan ang pinuputol nilang mga puno.

Ipinatutupad ang kampanyang ito sa lahat ng sonang gerilya sa buong prubinsya.

para lang may maipakita ang kumpanya ng logging. "Malaking kalokohan ang IFMA (Integrated Forest Management Agreement)," aniya, "kung saan nagtatanim ng Gmelina ang loggers. Hindi kayang pigilin ng marupok na punong-kahoy na ito ang pagragasa ng tubig baha. Pinapatay din ng Gmelina ang iba pang puno at tanim sa paligid kaya ang totoo ay nakakapagpalala pa ito ng pagkakalbo ng mga gubat at bundok."

"Sa aktwal, ang pinakamalaking illegal logger ay walang iba kundi ang estado," pagdidiin ni Ka Martin, "at malinaw itong makikita sa trahedyang naganap sa Aurora."

Mining Act of 1995: Salot sa mamamayang Pilipino

B ago pa man hagupitin ng magkakasunod na bagyo ang silangang bahagi ng Luzon, may nauna nang kalamidad na nananalasa sa bansa. Ito ay dulot ng mapaminsalang desisyon ng Korte Suprema noong Disyembre 1 na nagpapatibay sa "ligalidad" ng Financial and Technical Assistance Agreement (FTAA) sa pagitan ng gubyernong Arroyo at ng Western Mining Corp. (WMC), isang kumpanyang Australyano. Ang WMC, na may mahigit 99,000 ektaryang konsesyon sa timog Mindanao, ang kauna-unahang binigyan ng FTAA nang isabatas sa ilalim ng rehimeng Ramos ang RA 7942 o ang Philippine Mining Act of 1995.

Sa pamamagitan nito, sinabi rin ng Korte Suprema na hindi labag sa reaksyunaryong konstitusyon ang Mining Act na nagpapahintulot sa mga dayuhang nagmamay-ari ng di bababa sa 60% ng kumpanya sa pagmimina na pakinabangan ang mineral na yaman ng ating bansa. Kabaligtaran ito ng naunang desisyon ng hukuman noong Enero 27 na nagdeklara na ang FTAA ay tuwirang paglabag sa probisyon ng konstitusyon na nagsasaad na tanging mga Pilipino ang maaaring makinabang sa pambansang patrimonya ng bansa.

Ang desisyon ng Korte Suprema ay pinakahuli lamang sa iba pa nitong pagpapasya na isa-isang pumapawi sa anumang nalalabing probisyon ng reaksyunaryong konstitusyon na pumoprotekta sa pambansang patrimonya. Plano ng rehimeng Arroyo na lubusin ang gayong proseso sa nakatakdang pagamyenda sa konstitusyon sa 2005, kung saan papawiin na ang Artikulo 12 at katulad na mga probisyon ukol sa pambansang patrimonya at soberanyang pang-ekonomya.

Samantala, maaasahan ang iba pang katulad na desisyon ng Korte Suprema sa harap ng matinding krisis sa pinansya na kinasasadlakan ng rehimeng Arroyo. Lantarang

inamin ng hukuman sa desisyon nito kaugnay ng Mining Act na naging malaking salik ang diumano'y pagpapabwelo sa matagal nang matamlay na ekonomya ng bansa. Isinangkalan nito ang datos ng National Economic Development Authority (NEDA) na nagsasaad na aabot sa \$10 bilyong kapital ang papasok umano sa bansa at 251,826 bagong trabaho ang umano'v malilikha kung pahihintulutan ang mga dayuhan na makinabang sa \$840 bilyong reserbang mineral na yaman ng Pilipinas. Sadyang nagbulag-bulagan ang korte di lamang sa tuwirang kontradiksyon ng Mining Act at ng sariling konstitusyon ng papet na republika kundi sa iba pang pinsalang tiyak na idudulot ng malawakan at walang pakundangang pagmimina sa kapakanan ng mamamayan at kapaligiran.

Bunga ng pinakahuling desisyon ng Korte Suprema, dumagsa sa Department of Environment and Natural Resources (DENR) ang 30 aplikasyon ng mga dayuhang kumpanya para magsagawa ng eksplorasyon sa iba't ibang bahagi ng bansa sa maagang bahagi ng 2005. Karamihan ng mga sasaklawing lugar ay nasa Mindanao, partikular sa hangganan ng Bukidnon at mga

prubinsya ng Davao at sa Surigao del Norte at Surigao del Sur. Napipinto na rin ang pag-apruba sa 23 aplikasyon sa pagmimina sa Cordillera na sasaklaw ng 77,000 ektarya.

Mariing tinututulan ng mamamayan sa Bukidnon at mga prubinsya ng Surigao ang pagbwelo ng pagmimina sa kani-kanilang lugar. Anila, sa pagkawasak ng kalikasan ay mawawasak din ang kabuhayan ng mga magsasaka at katutubong mapapalayas

sa kanilang mga lupang ninuno. Ito'y dahil ang malawakang pagmimina ay magdudulot ng polusyon sa mga pinagmumulan ng tubig, kabilang ang mga sapa, ilog at dagat na karaniwang pinagkukunan ng kabuhayan ng mamamayan sa lugar. Tinukoy din ng AGHAM, isang grupo ng mga siyentista sa University of the Philippines, na kapwa ang pagmimina at pagtotroso ng malalaking dayuhang kumpanya ang sanhi ng malawakang pagkawasak ng kapaligiran.

Pinakahuling halimbawa ng dugtung-dugtong na pinsala sa mamamayan at kapaligiran na dulot ng malawakan at walang pakundangang pagmimina ang nangyari sa Marinduque noong 1996 nang magpawala ng tatlong milyong toneladang nakalalasong kemikal ang Marcopper-Placer Dome sa Boac River. Ang mga lason, na dumaloy hanggang sa Calancan Bay ay naging sanhi ng pagkamatay ng ilog at pagkawasak ng kabuhayan di lamang ng ilandaang libong mamamayang umaasa rito kundi ng mga magsasakang nasiraan ng mga pananim nang umapaw ang tubig na may lason sa kanilang mga sakahan. Bago ito, bumigay din ang

sundan sa "Mining Act...," pahina 10

Sunud-sunod na opensiba sa Central Luzon

anda ng mas mataas na kakayahang lumaban ng Baqong Hukbong Bayan (BHB) sa Central Luzon ang inilunsad na apat na magkakasunod na taktikal na opensiba nitong ikalawang linggo ng Disyembre. Dagdag sa nasamsam sa pananambang sa Bulacan noong Nobyembre 30, nakatipon ang mga Pulang mandirigma ng 32 iba't ibang kalibreng armas, kabilang ang tatlong M203 at isang M60 masinggan, mga kompyuter, kagamitang pangkomunikasyon at mahahalagang dokumento. Labingwalong tropa ng qubyerno at isang gwardya ang napatay sa mga opensibang ito. Carranglan Baler Cabanatuan City Tarlac City NUEVA ECIJA TARLAC San Ildefonso City of San Fernando PAMPANGA **BULACAN** ngapo City City of Malolos **B**alanga **Central Luzon**

Sa Nueva Ecija. Bandang 6:30 ng gabi nitong Disyembre 15 nang mapangahas na salakayin ng mga Pulang mandirigma ang munisipyo at himpilan ng Philippine National Police (PNP) sa bayan ng Carranglan. Walang putok na nakumpiska ng BHB sa loob lamang ng limang minuto ang mga armalayt ng apat na pulis. Bago ito, nagsagawa muna ng tsekpoynt ang mga Pulang gerilya sa Barangay Padilla. Dito sila nakakuha ng apat na sasakyang qinamit sa pagsalakay.

Sa Tarlac. Inaresto at pinarusahan ng mga partisano ng BHB si SPO2 Froilan Biag, isang operatiba ng Tarlac PNP Intelligence Division, sa Sityo Molave, Barangay San Isidro, Tarlac City noong gabi ng Disyembre 14. Ayon sa Nelson Mesina Command, hinatulan ng kamatayan si Biag dahil sa kanyang aktibong pang-eespiya laban sa rebolusyonaryong kilusan. Hindi naman sinaktan ang isang pulis na kasama ni Biag nang arestuhin ito. Dinisarmahan lamang siya ng kanyang sandata. Nakasamsam ang mga par-

"Mining Act...," mula sa pahina 9

"siltation dam" ng kumpanya noong 1993 na nagresulta sa pagtagas ng nakalalasong kemikal gaya ng asoge sa Mogpog River. Ilang residente na rin ng mga apektadong lugar ang nalason ng asoge at namatay.

Ang Lepanto Consolidated Mining naman ang tinutukoy na salarin sa pagkawasak ng kapaligiran, pagkamatay ng mga isda sa Abra River mula noong 2003 at sa mga pinsala sa kalusugan ng mamamayang naninirahan sa baybayin ng ilog mula Benguet hanggang Ilocos Sur at Abra. Samantala, napatunayang umaabot na rin hanggang Lingayen Gulf sa Pangasinan ang asogeng itinatapon ng Benguet Consolidated sa ilog nang mapag-alamang may mataas na konsentrasyon ng nakalalasong kemikal na ito ang mga nahuhuling isda sa look. Sinasabi rin na ang pagguho ng lupa sa Baguio nang mangyari ang lindol noong 1990 ay epekto ng

malawakang pagmimina.

Sa Southern Mindanao, tinataya ng National Democratic Front na may 800,000 magsasaka at lumad ang mapapalayas sa kanilang tirahan bunga ng malawakang pagkawasak ng kapaligiran at mas malulupit na kampanyang militar na kaakibat ng malawakang operasyon ng mga kumpanya sa pagmimina.

Ayon kay Rubi del Mundo, tagapagsalita ng NDF-SMR, ang eksplorasyon at *open-pit mining* sa rehiyon ay magreresulta sa malawakang pagkakalbo ng kagubatan at *siltation* o paghalo ng maraming buhangin at graba sa tubig-ilog. Ganito ang nangyari sa Kingking River sa Pantukan, Compostela Valley nang bumwelo ang mga operasyon ng Kingking Gold Copper Concession ng Echo Bay, Toronto Ventures, Inc. at Benguet Mining Corp. sa lugar. Dahil dito, napakadali nang umapaw ng ilog tuwing tag-ulan, na nagiging sanhi ng pagguho ng lupa at mga biglaang pagbaha.

tisano sa operasyong ito ng isang M16, isang .45 pistola at ilang mahahalagang dokumento.

Sa Pampanga. Sinalakay ng mga Pulang mandirigma ang tactical command post (TCP) ng Special Operations Team ng 69th IB sa Barangay Masangsang, Mexico noong Disyembre 12. Ayon sa Josepino Corpuz Command ng BHB-Central Luzon, isinagawa ang reyd ilang linggo makaraang magreklamo ang mga lokal na upisyal sa BHB tungkol sa presensya ng mga abusadong militar sa mga baryo sa silangang bahagi ng Mexico.

Bandang 2:30 ng hapon, sakay sa isang van dumating ang isang tim ng Palermo Ortanez Command sa Castro Building sa poblasyon. Mabilis na pumasok sa gusali ang apat na Pulang mandirigmang nakaunipormeng sundalo. Inakyat nila ang TCP sa ikalawang palapag ng gusali na nagsisilbi ring safehouse ng military intelligence. Maayos na tinrato ang dalawang sundalong dinisarmahan.

Natapos ang buong operasyon sa loob ng 20 minuto. Nakasamsam ang BHB ng tatlong M16, isang M203, dalawang kompyuter, dalawang cell-phone, isang GPS receiver, mga dokumento at ilang uniporme.

Sa Zambales. Nilusob ng mga Pulang mandirigmang lulan ng isang sasakyan ang isang detatsment ng pulisya sa Barangay Bareto, Olongapo City noong gabi ng Disyembre 9. Napatay ang tatlong pulis at ang aset nilang security guard. Isa pang pulis ang nasugatan. Kabilang sa mga napatay si Sr. Insp. Ernesto Cruz, deputy commander ng Police Station 6. Tatlong M16 ang naagaw ng BHB.

Ang mga taktikal na opensibang ito, ayon kay Salud Rojas, tagapagsalita ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Central Luzon, ay hudyat ng pagpapaigting ng mga taktikal na opensiba ng BHB sa rehiyon laban sa AFP at PNP na bumibiktima sa mga di-armado at walang kalaban-labang sibilyan.



PKP, nakidalamhati sa pagkamatay ni FPJ

NAGPAHAYAG ng pakikidalamhati ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa pagkamatay ng artista at dating kandidato sa pagkapresidente na si Fernando Poe Jr. (FPJ). Sa isang pahayag nitong Disyembre 14, tinukoy ni Gregorio "Ka Roger" Rosal, tagapagsalita ng PKP, ang interes ni FPJ sa mga usaping panlipunan at ang madalas niya dating pag-anyaya sa mga kasama na tumungo sa kanyang bahay para maglunsad ng mga talakayan hinggil sa gawain ng rebolusyonaryong kilusan. Ani Rosal, hindi nagdalawang-isip si FPJ na magbigay ng anumang makakaya niyang suporta para sa mga pagsisikap na kapaki-pakinabang sa masang manggagawa at magsasaka. Bilang kandidato sa pagkapresidente noong nakaraang eleksyon, aniya, nagpahayag din ng interes si FPJ sa usapang pangkapayapaan at pagharap sa mga ugat ng gera sibil.

Si FPJ ang pinakamahigpit na karibal ni Gloria Arroyo noong nakaraang eleksyon at isa sa mga naging biktima ng malawakang pandaraya at itim na propaganda ng rehimen. Sa tindi pa rin ng galit ng kanyang mga tagasuporta, tinanggihan at winasak nila ang mga padalang bulaklak nina Arroyo at mga kaalyado niyang sina Jose de Venecia at Franklin Drilon. Inaasahang daan-daang libo hanggang milyong katao ang makikimartsa sa kanyang libing ngayong Disyembre 22.

Namatay si FPJ sa ospital noong madaling araw ng Disyembre 14 sa edad na 65 anyos matapos siyang magkaroon ng matinding *stroke* (pagbabara ng ugat sa utak).

Depisit sa BOP sumirit

SUMIRIT tungong \$459 milyon o \$25.7 bilyon nitong Nobyembre ang depisit sa balance of payments (BOP) ng Pilipinas. Sa loob lamang ng Nobyembre, tumaas nang \$275 milyon ang depisit, kumpara sa \$6 milyong pagtaas nito noong Oktubre. Tina-tayang aabot ang depisit sa BOP sa \$516 milyon sa katapusan ng taon.

Ang pagsirit ng depisit sa BOP nitong Nobyembre ay pangunahing idinulot ng pagbabayad ng gubyerno ng bahagi ng dambuhalang utang nito sa mga dayuhang institusyon. Hindi na mapunan kahit ng mga remitans ng mga overseas contract workers (OCW) ang utang na kinakailangang bayaran ng gubyerno buwan-buwan. Aabot sa \$8 bilyon o ₱448 milyon taun-taon ang ipinapasok ng mga OCW sa naghihingalong ekonomya ng bansa. Sa kabilang banda, aabot na sa ₱3.73 bilyon ang utang ng bansa.

Ang BOP ay ang balanse ng halagang pumasok at lumabas sa bansa sa mga transaksyon tulad ng kalakalang panlabas, remitans ng mga OCW, dayuhang pamumuhunan at pagbabayad ng utang.

Taon XXXV Blg. 24 Disyembre 21, 2004 www.philippinerevolution.org

Deklarasyon ng tigil-putukan

Komite Sentral Partido Komunista ng Pilipinas

agdedeklara ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ng unilateral na tigil-putukan ngayong panahon ng Kapaskuhan.

Ang epektibidad ng deklarasyong ito ay mula 12:00 ng hatinggabi ng Disyembre 23, 2004 hanggang 12:00 ng hatinggabi ng Enero 2, 2005.

Ang deklarasyong ito ay isinasagawa bilang pakikiisa sa sambayanang Pilipino sa tradisyunal na pagdiriwang ng Pasko at Bagong Taon, at upang bigyangdaan ang selebrasyon ng mamamayan at mga rebolusyonaryong pwersa sa ika-36 na anibersaryo ng Parti-


do Komunista ng Pilipinas.

Lahat ng yunit ng BHB ay mananatiling armado at alerto at handang lumaban at bumigo sa anumang pag-atake at panliligalig ng mga regular at paramilitar na pwersa ng AFP at PNP.

Inilalabas ng PKP ang deklarasyon sa kabila ng patuloy na mga paglabag ng rehimeng Arroyo sa mga nakaraang kasunduan. Kabilang dito ang mga pinakahuling kasunduan sa

Oslo, Norway na nagresulta sa suspensyon ng usapang pangkapayapaan. Tinalikuran ng GRP ang komitment nito na gumawa ng kongkretong pagsisikap para tutulan at ituwid ang malisyosong pagsasama sa PKP, BHB at sa Chief Political Consultant ng NDF Peace Panel na si Kasamang Jose Ma. Sison sa listahan ng US ng diumanong mga terorista. Tuluy-tuloy din ang paglabag ng GRP at mga armadong pwersa nito sa mga probisyon ng CARHRIHL at karapatang-tao ng mamamayan.

Inilalabas ng PKP ang deklarasyon kasabay ng pagkundena sa sunud-sunod na malulupit na pag-atake ng mga pasistang pwersa ng reaksyunaryong estado sa di-armadong mamamayang mapayapang nagpuprotesta o naggigiit ng kanilang mga demokratikong karapatan. Pangunahin dito ang pagmasaker sa mga welgista ng Hacienda Luisita. Nitong nakaraan, pinaslang ng militar si Marcelino Beltran, tagapangulo ng Alyansa ng Magbubukid sa Tarlak (AMT) at isa sa mga tuluy-tuloy na lumahok sa welga sa Hacienda Luisita at testigo sa masaker laban sa mga salaring upisyal at



Mga tampok sa isyung ito...

Editoryal: Labanan ang pananalanta sa kagubatan PAHINA 3

Trahedya sa Aurora
PAHINA 7

Sunud-sunod na TO sa Central Luzon
PAHINA 10

Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- **2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
 - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
 - k) I-click ang Properties
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
 - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa panugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*